# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 3
## Modyul Blg.14

# Mga Pagpapahalagang Pilipino Tungo sa Kaunlaran

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

*“ Naku, Andres… malapit na binyag ni Junior natin, sinu-sino ba ang kukunin nating ninong at ninang?*

*“ Si Mayor, si Chairman at si Konsehal ang gawing nating mga ninong. Yung asawa naman ng dati nating mayor, si konsehala at yung Principal ang mga ninang.”*

*“Mainam na sila ang maging mga ninong at ninang para paglaki ni Junior madali siyang mapasok sa trabaho dahil may backer na siya.” Isa pa kung magka problema man, maraming sasalo sa kanya.*

Pamilyar ba sa iyo ang mga ganitong usapan? Tunay na nangyayari iyan sa lipunang Pilipino lalo na kung pupunta ka sa mga probinsya. Kung minsan nga, maging sa *alta sociedad* ay nangyayari ang ganito.

Ito ang pinag-uugatan ng sistemang *padrino* na nagbibigay-daan sa “palakasan”. Aminin man natin o hindi, bahagi ito ng ating kultura na nakahahadlang sa ating pag-unlad.

Paano natin malalabanan ang umiiral na *counter value* na ito? Anu-ano ang mga pagapapahalagang Pilipino na kailangan natin upang umunlad ang ating bansa?
Ang mga ito ang iyong tutuklasin sa pagtunghay mo sa mga gawain sa araling ito.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

L.C 3.9 Nakikilala ang mga pagpapahalagang Pilipino na kailangang panatilihin upang makamit ang kaunlaran ng bansa

A. Nakapagtatala ng mga pagpapahalaga at mga *counter value* na umiiral sa lipunang Pilipino
B. Nakikilala ang mga pagpapahalagang Pilipino na kailangang panatilihin upang makamit ang kaunlaran ng bansa
C. Naitatalaga ang sarili sa pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang Pilipinong makatutulong sa pag-unlad

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Isulat ang *TAMA* kung ang isinasaad ng pangungusap ay may katotohanan, at *MALI* kung walang katotohanan.

1. Masasabing malaya ang isang bansa kung hindi naiimpluwensyahan ng mga dayuhang ang pamamalakad at mga patakaran nito.
2. Ang pinakamataas na pagpapakita ng nasyonalismo ay ang pananatili sa bansa anuman ang maging kalagayang pangkabuhayan nito.
3. Mahalaga sa pagkakamit ng pag-unlad ang pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan.
4. Ang pagiging masayahin ay nakatutulong sa paglutas ng suliranin.
5. Ang mga *counter values* na taglay ng mga Pilipino ay maaaring maalis sa pamamagitan ng wastong edukasyon sa tahanan at sa paaralan.

6. Malaki ang tungkuling ginagampanan ng *mass media* sa pagmumulat ng mga Pilipino sa di kanais-nais na epekto ng *padrino system.*
7. Hindi umuunlad ang ating bansa dahil sa taglay na katamaran ng mga Pilipino.
8. Maaaring sumunod sa agos ng pagbabago na hindi naisasakripisyo ang mga pagpapahalagang Pilipino.
9. Natatanggap natin ang anumang krisis na pinagdadaanan natin bilang nasyon dahil sa ating pananampalataya sa Diyos.
10. Malikhain ang lahing Pilipino kung ikukumpara sa kanyang mga kalapit-bansa.

B. Basahin ang mga pahayag sa ibaba at piliin ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang malalim na pahayag ng pagmamahal sa bayan ay makikita sa :
   a. pagkalinga sa mga nangangailangang kababayan
   b. tamang pagbabayad ng buwis
   c. pagtangkilik sa mga produktong gawa sa bansa

2. Kung magpapatuloy ang pagsasawalang kibo ng marami sa nakikitang umiiral na katiwalian, ano ang pinakamalalang mangyayari sa ating kabuhayan?
   a. patuloy na darami ang mga mangungurakot sa pamahalaan
   b. hindi maipagkakaloob sa mamamayan ang serbisyo at proyekto.
   c. aalis sa bansa ang mga dayuhang mamumuhunan o *foreign investors*.

3. Mahalagang bigyang-pansin ang mga pagpapahalagang makatutulong sa ating pag-unlad sapagkat:
   a. Naiiwan na tayo ng ating mga kalapit-bansa sa pag-unlad ng kabuhayan
   b. Nasa pagsasabuhay ng mga ito ang pagkakamit ng pagsulong ng bansa
   c. Ito ang mag-aangat sa atin sa kasalukuyang dinaranas na kahirapan


4. Alin sa mga sumusunod ang kadalasang pinag-uugatan ng katiwalian ng ilang opisyal at kawani ng pamahalaan?
   a. pagsasawalang kibo ng mga mamamayan sa nakikitang anomalya
   b. mababang suweldo at kahirapang pangkabuhayan
   c. kawalan ng malasakit sa mga mamamayan at kaban ng bayan

5. Ang labis na pagsasabuhay ng mga sumusunod ay maaaring humantong sa katiwalian sa pamahalaan maliban sa isa.
   a. malapit ng ugnayang pampamilya
   b. pagiging maka-Diyos
   c. pagtanaw ng utang na loob

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg.1

Batay sa iyong mga nakikita sa paligid, makakababanggit ka ba ng mga hindi kanais-nais na kilos o gawi ng mga Pilipino na nagsisilbing hadlang sa pagkakamit ng kaunlaran ng bansa? Isulat mo ito sa nakalaang espasyo sa ibaba.



## Sagutin Mo

1. Nahirapan ka bang maglista? Bakit?
2. Bakit nakasasagabal sa pagkakamit ng kaunlaran ng bansa ang mga ito?
3. Ano sa palagay mo ang maaaring gawin upang maiwasto ang mga hindi kanais-nais na kilos at gawing ito? Gamiting gabay ang pormat sa ibaba sa iyong pagsagot.


Hal.

| ***Di kanais-nais na kilos o gawi*** | ***Gagawin upang iwasto ito*** |
|---|---|
| I. Mañana Habit | Paggawa ng iniatas na gawain nang maaga sa itinakdang panahon |

## Gawain Blg. 2

Sa unang gawain, naglista ka ng mga hindi kanais-nais na kilos ng mga Pilipino na nakahahadlang sa ating pag-unlad, ngayon naman ay mag-isip ka na mga pagpapahalagang Pilipino na makatutulong sa pagkakamit ng pambansang kaunlaran kung isasabuhay lamang ng lahat. Isulat mo ito sa nakalaang kahon sa ibaba.

.



Sagutin Mo:

1. Bakit mahalagang isabuhay ang mga pagpapahalagang isinulat mo?
2. Paano ito makatutulong sa pagkakamit ng kaunlaran ng ating bansa?
3. Bakit mahalagang malinang ito sa mga kabataang tulad mo?

## IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

Batay sa iyong mga natapos na gawain, anong mahalagang konsepto ang iyong mabubuo? Gamitin bilang gabay ang mga salitang nasa loob ng kahon sa pagbuo mo ng konsepto.

| ISABUHAY | MAKATUTULONG | PAGPAPAHALAGA |
|---|---|---|
| PAG-UNLAD | MAHALAGA | |

Konsepto:________________________________________________

## V. Pagpapatibay

### Pagpapahalagang Pilipinong makatutulong sa Kaunlaran

Ang mga Pilipino ay isang dakilang lahi na maraming puwedeng ipagmalaki sa mundo. Mababanaag sa ating kultura ang ating pagpapahalaga sa pagkakamit ng kaunlaran at kabuthang panlahat .

Binanggit ni dating Senadora Leticia Ramos-Shahani sa kanyang *Moral Recovery Program* ang mga pagpapahalagang Pilipino na itinuturing niyang kalakasan natin. Ilan sa mga ito ang pananampalataya sa Diyos, pagiging malapit ng pamilya, pakikipagkapwa, mabuting pagtanggap sa bisita, kasipagan, pagiging matiyaga, malikhain, positibong pananaw at pagiging masayahin. Ang mga ito ay dapat na patuloy na isabuhay sapagkat magbibigay daan ang mga ito sa pagkakamit ng kaunlaran.

Ayon din sa kanya, may mga *counter values* taglay ang mga Pilipino. Nagsisilbing balakid ang mga ito sa ating pag-unlad.Ilan sa mga ito ay ang labis na pagbibigay ng personal na kahulugan sa mga puna (extreme personalism), pagiging huli sa oras, sistemang kanya-kanya (crab mentality), ningas cogon at iba pa.

Kung minsan nga ang maling pagsasabuhay ng ilan sa ating pagpapahalaga ang nagiging daan sa mga hindi magagandang gawain.

Paano ito mangyayari? Marahil itatanong mo. Tingnan mo ang halimbawang ito. Ang pagiging malapit ng pamilya at pagmamalasakit sa kapamilya ay nararapat , subalit may mga pagkakataon na ang pagpapahalaga ring ito ang nagiging daan sa katiwalian sa pamahalaan. Bakit? Ilang pangulo na ng bansa ang napatunayang sangkot sa katiwalian at pagkakaroon ng *hidden wealth*, dahil sa pagnanais na yumaman ang kanilang pamilya at kilalanin ang kanilang angkan sa larangan ng pulitika. Bakit may nepotismo at political dynasty?

Paano tayo susulong kung mas nananaig ang mga *counter value* na ito kaysa sa mga pagpapahalagang mag-aakay sa atin sa pag-unlad?

Ito ang dahilan kung bakit mahalagang maimulat sa mga kabataang tulad mo ang mga pagpapahalagang Pilipinong magdadala sa atin sa kaunlaran. Ayon kay Dr. F. Landa Jocano, kilalang antropolohista, mahalagang muling balikan ang pag-aaral sa ating kultura at tuklasin ang mga katutubong pagpapahalagang Pilipino at ang kalakasan nito. Ang hindi natin paglingon sa mga pagpapahalagang ito, ayon sa kanya, ang nagsisilbing balakid sa ating pagsulong. Kulang tayo sa pagtitiwala sa ating mga kakayahan bilang isang pangkat kung kaya't tuwing hahakbang tayo pasulong ay kailangan pa nating huminto at suriin kung tama nga ba ng landas na ating tinatahak? Labis ang ginagawa nating pagsusuri hanggang sa magdusa tayo sa tinatawag ni Dr. Jocano na *academic o bureaucratic paralysis*- ang resulta? Hindi tayo makakilos. Kung kumilos naman tayo ay huli na, tapos na ang pangyayari at naiwanan na tayo ng pagkakataon. Dahil dito, nakararamdam tayo ng kabiguan. Kabiguang magdadala sa atin upang pagduduhan natin ang ating kakayahan. Ang pagdududang ito ang nakapipigil sa atin upang malinang ang ating mga tradisyunal na pagpapahalaga para sa kaunlaran. Dahil dito, hindi makakuha ng lubos na suporta ang mga programang dahil sa kakulangan ng suporta ng lipunan dahil sa walang nakikitang pagpapahalaga, sentimyento at saloobing maaaring umantig sa damdamin ng pagkakaisa, pagmamalaki at dedikasyon. Kung wala ang mga ito walang lakas na maaaring magtulak sa atin upang kumilos.


Sa editoryal ng *Philippine Daily Inquirer* noong Disyembre 5, 1991, binigyang pansin nila ang kahanga-hangang ipinamalas ng mga manlalarong Pilipino sa Southeast Asian Games 1991. Ang pagkakaisa ng mga Pillpino noong sandaling iyon ay nagpapakita na kaya ng Pilipinong magtagumpay kung isasabuhay niya ang mga pagpapahalagang likas sa atin bilang pangkat ng tao. Ang mga pagpapahalagang ito ayon kay Dr. Jocano ay ang mga sumusunod:

1. May pananampalataya sa DIyos
2. May damdaming makabansa
3. May pagmamahala sa pamilya
4. May paggalang sa kapwa
5. May mithiing pagkakaugnay-ugnay
6. May naiising pagkakaisa

*Yes,the Filipino Can!* Isang slogan na kumikilala sa ating kakayahang umangat sa kabila ng ating mga kahinaan.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

May mga kalakasan ang karakter na Pilpino na tunay ngang kahanga-hanga at nagpapatingkad sa ating lahi. Anu-ano ang mga ito na nararapat mong isabuhay. Isulat mo ang iyong sagot sa mga bilog sa ibaba at ilagay ang kahalagahan ng pagsasabuhay nito.



## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Isulat ang *TAMA* kung ang isinasaad ng pangungusap ay may katotohanan, at *MALI* kung walang katotohanan.

1. Masasabing malaya ang isang bansa kung hindi naiimpluwensyahan ng mga dayuhang ang pamamalakad at mga patakaran nito.
2. Ang pinakamataas na pagpapakita ng nasyonalismo ay ang pananatili sa bansa anuman ang maging kalagayang pangkabuhayan nito.
3. Mahalaga sa pagkakamit ng pag-unlad ang pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan.
4. Ang pagiging masayahin ay nakatutulong sa paglutas ng suliranin.
5. Ang mga *counter value* na taglay ng mga Pilipino ay maaaring maalis sa pamamagitan ng wastong edukasyon sa tahanan at sa paaralan.
6. Malaki ang tungkuling ginagampanan ng *mass media* sa pagmumulat ng mga Pilipino sa di kanais-nais na epekto ng *padrino system.*
7. Hindi umuunlad ang ating bansa dahil sa taglay na katamaran ng mga Pilipino.
8. Maaaring sumunod sa agos ng pagbabago na hindi naisasakripisyo ang mga pagpapahalagang Pilipino.
9. Natatanggap natin ang anumang krisis na pinagdadaanan natin bilang nasyon dahil sa ating pananampalataya sa Diyos.
10. Malikhain ang lahing Pilipino kung ikukumpara sa kanyang mga kalapit-bansa.

C. Basahin ang mga pahayag sa ibaba at piliin ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang malalim na pahayag ng pagmamahal sa bayan ay makikita sa :
   a. pagkalinga sa mga nangangailangang kababayan
   b. tamang pagbabayad ng buwis
   c. pagtangkilik sa mga produktong gawa sa bansa

2. Kung magpapatuloy ang pagsasawalang kibo ng marami sa nakikitang umiiral na katiwalian, ano ang pinakamalalang mangyayari sa ating kabuhayan?
   a. patuloy na darami ang mga mangungurakot sa pamahalaan
   b. hindi maipagkakaloob sa mamamayan ang serbisyo at proyekto.
   c. aalis sa bansa ang mga dayuhang mamumuhunan o *foreign investors*.

3. Mahalagang bigyang-pansin ang mga pagpapahalagang makatutulong sa ating pag-unlad sapagkat:
   a. Naiiwan na tayo ng ating mga kalapit-bansa sa pag-unlad ng kabuhayan
   b. Nasa pagsasabuhay ng mga ito ang pagkakamit ng pagsulong ng bansa
   c. Ito ang mag-aangat sa atin sa kasalukuyang dinaranas na kahirapan

4. Alin sa mga sumusunod ang kadalasang pinag-uugatan ng katiwalian ng ilang opisyal at kawani ng pamahalaan?
   a. pagsasawalang kibo ng mga mamamayan sa nakikitang anomalya
   b. mababang suweldo at kahirapang pangkabuhayan
   c. kawalan ng malasakit sa mga mamamayan at kaban ng bayan

5. Ang labis na pagsasabuhay ng mga sumusunod ay maaaring humantong sa katiwalian sa pamahalaan maliban sa isa.
   a. malapit ng ugnayang pampamilya
   b. pagiging maka-Diyos
   c. pagtanaw ng utang na loob

## VIII. Mga Sanggunian

F. Landa Jocano. *Studies in Filipino Value System* Quezon City : Punlad Research House. 1993

CDD, BSE, DECS. *Values Education Manual for Teachers*

## Susi sa Pagwawasto

Handa ka na ba?/ Gaano Ka Natuto

A.

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Tama
7. Mali
8. Tama
9. Tama
10. Tama

B.

1. a
2. a
3. b
4. a
5. b